# Jefferson County Karapat-dapat sa Pampublikong Tulong ng FEMA; Iba pang mga County Karapat-dapat sa Higit pang Tulong

**Release Date: Oktubre 14, 2020**

**PENSACOLA, Fla.** – Karapat-dapat na ngayon ang Jefferson County sa mga gawad na Pampublikong Tulong ng FEMA para sa pagbangon mula sa Bagyong Sally.

Bukod dito, karapat-dapat na ngayon ang mga county ng Bay, Calhoun, Franklin, Gadsden, Gulf, Holmes, Jackson, Liberty, Okaloosa, Walton at Washington para sa mga kategorya ng Pampublikong Tulong, kabilang ang pag-alis ng debri at mga permanenteng pagpapaayos.

Noong Oktubre 13, 2020, ang isang pagbabago sa deklarasyon sa pangunahing sakuna ay nangangahulugan na sinasamahan na ng mga county na ito ang mga county ng Escambia at Santa Rosa sa pagiging karapat-dapat sa pagtanggap ng reimbursement (pagbabalik ng ibinayad) para sa pag-alis ng debris, mga hakbang na pang-emerhensiya at pagpapaayos o pagpapalit ng mga pampublikong pasilidad na nasira dahil sa sakuna gaya ng mga daan at tulay, pasilidad na kumukontrol sa tubig, gusali at kagamitan, utilidad at parke.